Mga Espirituwal ng Disiplina

WARM-UP

- Ibahagi ang isang libangan na kinagigiliwan mo. Ano ang nagustuhan mo dito?
- Ano ang isang bagay na gustong-gusto mong maranasan noon pa?
- Balikan ang isang panahon na kinailangan mong tumulong sa isang kapamilya o kaibigan, kahit na mahirap itong gawin. Ano ang nangyari?

WORD

"Mag-ingat kayo at baka ang paggawa ninyo ng mabuti ay pakitang-tao lang. Sapagkat kung ganyan ang ginagawa ninyo, wala kayong matatanggap na gantimpala mula sa inyong Amang nasa langit."
MATEO 6:1

(Basahin din ang **MATEO 6:2-8,16-18.**)

Ang mga espirituwal na disiplina ay mahalaga sa buhay ng isang Kristiyano. Tulad ng pag-eehersisyo, pinalalakas nito ang ating espirituwal na kalamnan para lumalim at lumago ang ating relasyon sa Diyos. Sa Pangaral sa Bundok, binalaan ni Jesus and Kanyang mga taga-sunod na maging maingat sa pagsasagawa ng mga disiplinang ito nang may motibo na magpakitang-tao lamang. Ating titignan ang tatlong mga espirituwal na disiplina na hinikayat ni Jesus na gawin ng Kanyang mga disipulo: pagiging mapagbigay, pananalangin, at pag-aayuno.

1 Magbigay sa mga nangangailangan.

3"Sa halip, kung magbibigay kayo ng tulong, huwag na ninyo itong ipaalam kahit sa pinakamatalik n'yong kaibigan, 4upang maging lihim ang pagbibigay ninyo. At ang inyong Amang nakakakita sa ginagawa ninyo nang lihim ang siyang magbibigay ng gantimpala sa inyo." **MATEO 6:3,4**

Kung tayo ay magbibigay sa mga nangangailangan, huwag nating maging pakay na tumawag ng pansin sa ating mga sarili. Kung gayon man, ito na ang magsisilbing gantimpala natin. Sa halip, dapat tayong magbigay na may layuning magsilbing biyaya kahit hindi malaman ng iba kung ano ang ating ginawa. Ipinangako ni Jesus na makikita ng Ama ang ating ginawa at bibigyan Niya tayo ng gantimpala. Ano ang mas mabuti, ang magbigay o ang tumanggap (Mga Gawa 20:35)? Sa iyong palagay, bakit?

2 Manalangin sa Ama.

"Ngunit kung ikaw ay mananalangin, pumasok ka sa iyong silid. Kapag naisara mo na ang pinto, manalangin ka sa iyong Ama na nasa lihim. Ang iyong Ama na nakakakita sa lihim ang magbibigay sa iyo ng gantimpala nang hayagan." **MATEO 6:6**

(Basahin din ang **MATEO 6:7,8.**)

Kapag tayo ay nagdarasal, ang dapat nating motibo ay hindi ang kumuha ng pansin. Sa halip, palihim tayong manalangin, dahil tinitiyak ni Jesus na nakikita tayo ng ating Ama at gagantimpalaan Niya tayo. Sa katunayan, alam Niya kung ano ang kailangan natin bago pa man tayo humingi sa Kanya. Bakit nananalangin ang iba para magpakitang-tao? Bakit idiniin ni Jesus na gawin ito nang palihim?

3 Palihim na mag-ayuno.

[17]"Sa halip, kung mag-aayuno kayo, maghilamos at mag-ayos kayo ng sarili, [18]upang hindi malaman ng mga tao na nag-aayuno kayo, maliban sa inyong Ama na hindi nakikita. At ang inyong Ama na nakakakita sa ginagawa ninyo nang lihim ang magbibigay ng gantimpala sa inyo." **MATEO 6:17,18**

(Basahin din ang **MATEO 6:16.**)

Kung tayo ay mag-aayuno upang makita at makilala ng iba, hindi tayo makakatanggap ng gantimpala mula sa ating Ama. Tayo ay nag-aayuno upang mas makilala at unahin ang Diyos. Nangangahulugan ito na hindi tayo tatawag ng pansin sa ating mga sarili habang nag-aayuno sa pagkukunwaring malungkot tayo. Ang Diyos, na nakakakita sa atin, ay tiyak na magbibigay sa atin ng gantimpala. Ayon sa Isaias 58:8, ano ang mangyayari kung tayo ay mag-aayuno?

.....

.....

APPLICATION

- Lumalago ka ba sa relasyon mo sa Diyos? Ano ang isang bagay na sisimulan mong gawin upang higit mo pa Siyang makilala?
- Alin sa tatlong espirituwal na disiplina ang karaniwan mong ginagawa? Alin ang kailangan mong gawin nang mas madalas? Ibahagi ang gagawin mo tungkol dito ngayon.
- Paano ka magsisilbing halimbawa sa pamilya at mga kaibigan mo tungkol sa pagkilala sa Diyos, habang palihim mong ginagawa ang mga ito? Paano magsisilbing hamon sa iba ang pananampalataya mo upang makilala nila ang Diyos?

PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa relasyon mo sa Kanya, at kung paano mo Siya higit na nakikilala sa araw-araw. Ipanalangin na ang relasyon mo sa Diyos ang laging maging pinakamahalagang bagay para sa iyo.
- Ipanalangin na magkaroon ka ng mga esperituwal na disiplina at kaugalian na makakatulong sa iyo upang mas makilala ang Diyos. Ipanalangin na ang motibo mo ay ang magbibigay parangal sa Diyos, at magtiwala na gagantimpalaan ka Niya nang marapat.
- Ipanalangin na maging pagpapala ka sa ibang tao, at na ang pananampalataya mo ay makatulong din sa iba upang makilala Siya at sumunod sa Kanya.

NOTES

VICTORY

© 2017 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph